

PROLOGUE

Best of friends sina Charie at Tricia. Magkaibigan ang kanilang mga pami-pamilya at iisang subdivision sa Parañaque ang inuuwian nila. Only child si Tricia, seven years younger naman si Charie sa nag-iisa nitong kapatid kaya buhat pagkabata ay sila na ang magkalaro.

Si Maria Patricia Amador ay maganda; bahagyang singkit ang kanyang malalamlam na mata, matangos ang ilong at mapupula ang labi. Maputi siya, may taas na 5'6" at balingkinitan ang katawan. Pero among this qualities, mas nakakahigit ang pagiging matalino niya. Consistent honor student siya mula grade school hanggang high school at *cum laude* nang magtapos ng Commerce major in Accounting sa *University of Santo Tomas*. Si Charina Ann Nubla ay maganda rin; matangos na ilong nito na lalong nagbibigay rito ng anyong aristokrata. Makinis ang kayumanggi nitong balat at 5'5" ang taas nito. Pareho ang kursong kinuha nila ni Tricia sa kolehiyo. Hindi siya kasing-talino ng kaibigan pero hindi rin naman siya bobo.

Opposites ang pag-uugali ng dalawa. Madaldal, palakaibigan, mabait, mapagbigay at maunawain

si Tricia samantalang tahimik, suplada, masungit, makasarili at makitid ang utak ni Charie. In short, wala nang maganda pa kay Charie kundi ang mukha lang nito. Marami pang ibang bagay na lubhang magkabaligtad sila kaya hindi maunawaan ng mga nakakakilala sa kanila kung paano sila nagkakasundo.

Hindi lang ang pagiging maganda ang kanilang ipinagkapareho, kapwa rin silang mahilig sa guwapo. At kakatwang dahil pareho sila ng taste pagdating sa lalaki, palagi na lang na kung sino ang tipo ng isa ay siya ring gusto ng isa. Ang madalas magbigay sa ganoong mga pagkakataon ay si Tricia.

Nang nasa high school pa sila ay may isang insidenteng nakapagpatunay ng katapatan niya sa pagkakaibigan nila si Charie. Nang manligaw sa kanya si Jay na type din ng kaibigan ay binigo niya ang binata kahit na ang totoo ay gusto niya ito.

Pagtuntong nila ng kolehiyo ay ganoon pa rin ang papel ni Tricia sa kaibigan—tagapagtanggol, tagatakip ng mga kasalanan nito sa ina at tagalakad sa mga crush nito.

Pagkatapos nilang mag-graduate ay sabay silang kumuha ng board exams. Madaling nakapasa si Tricia samantalang hindi naman pinalad si Charie. Nakapasok sila sa isang import-export firm sa Makati,

at dahil isa nang CPA, mas mataas ang posisyong nakuha niya sa kaibigan. Branch accountant na kaagad siya samantalang accounting clerk lang ito.

Naulit ang laging nangyayari sa dalawa pagdating sa lalaking nagugustuhan nang makilala nila si Patrick Ventura, ang guwapong head ng kanilang marketing department.

1

Nang ipakilala si Tricia ng kanyang boss na si Mr. Hawkins sa isang meeting bilang bagong branch accountant ay napuna niya ang humahangang tingin sa kanya ni Patrick. Inaamin niyang siya man ay kaagad ding humanga rito.

Mga 5'8" ang height ng binata; maputi ang makinis nitong kutis at talagang guwapo ito. Sa tantiya niya ay hindi bababa ang edad nito sa tatlumpu.

Nang sumunod na araw ay may nakapatong na isang kahon ng tatlong puting rosas sa ibabaw ng kanyang mesa. Galing iyon kay Patrick at sabi sa card na kasama ng bulaklak ay nakikipagkaibigan daw ito sa kanya.

Hindi naman nalihim iyon sa ilang mga empleyado sa kanilang departamento. Walang katapusan ang panunukso ng mga ito sa kanya.

Alas ocho hanggang alas cinco ang pasok nila ni Charie. Kung wala silang meeting o di naman kaya ay ibang mga importanteng tatapusin ay palagi sila nitong sabay sa pag-uwi.

Lagpas alas cinco na at pauwi na siya nang lapitan siya ni Patrick sa kanyang mesa.

“Hi!” nakangiting bati nito.

“H-hi!” alanganing sagot niya.

“Pauwi ka na, di ba?”

“Oo. Ikaw?”

“Hindi pa. Nagpatawag kasi ako ng meeting sa buong marketing department.”

“Gan'on ba? O sige, mauna na ako't baka ma-late ka pa sa meeting,” pagpapaalam niya.

“Hindi, okay lang. Nagmamadali ka ba?”

“Oo, eh. Naghihintay sa akin si Charie.” Ngumiti siya at saka na humakbang papunta sa mesa ng kaibigan. Sumunod ang binata sa kanya.

“Saan ka umuuwi?” tanong nito.

Natawa siya. “Bakit mo tinatanong?”

“Puwede bang makadalaw?”

“Para saan? Wala naman akong sakit.”

“Nagpapatawa ka naman,” nangingiting sabi nito.

“Natatawa ka naman, di ba?”

“O sige, seryoso na. Puwede ba akong makadalaw sa inyo?”

“Bakit?”

“Tinatanong pa ba ’yon?”

“Ang bilis mo naman yata?”

Nagkibit ito ng balikat. “Mahirap na. Baka maunahan pa ’ko ng iba.”

Parang idinuyan ang kanyang puso sa narinig. Sinabi niya ang hinihingi nitong impormasyon.

“O, pa’no?” tanong niya sa binata nang malapit na siya sa mesa ni Charie.

“Basta sa Sabado, dadalawin kita sa inyo, ha?”

“Bahala ka.”

Napangiti ito sa isinagot niya at mabilis nang tumalikod.

Nailing na nilapitan na niya ang kaibigan. “Tena na?” nakangiti niyang tanong dito.

“O-oo. Aayusin ko lang ang gamit ko.”

Habang nag-aayos ito ay sinulyapan niya ang

malayo nang si Patrick.

Sinundan ng kaibigan ang kanyang tinitingnan. “Si Mr. Patrick Ventura ’yon, di ba?”

“O-oo,” sagot niya.

Naglalakad na sila palabas ng building nang magsalita si Charie. “Alam mo, Tricia, gusto ko si Patrick.”

Nagulat siya sa narinig. “Ano ’ika mo?”

Natawa ito sa kanya. “Ang sabi ko, gusto ko si Patrick.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” kinakabahan niyang tanong.

“Gusto ko siyang maging boyfriend,” walang gatol nitong sagot. “Guwapo siya, mabait, matalino at manager pa ng marketing department. Kahit naman sino, gugustuhin siyang maging boyfriend, di ba? Sikat pa ako kapag siya’ng naging boyfriend ko!”

Kahit nga ako’y gusto ko rin siyang maging boyfriend. Hindi na isinatinig ni Tricia ang nasa isip dahil alam niyang maaaring pagmulan na naman iyon ng pagdaramdam sa kanya ng kaibigan.

“Mukhang malapit siya sa iyo, ah?” puna nito.

“Pinagkilala kami minsan ni Mr. Hawkins,” paliwanag niya.

“Ipakilala mo ako sa kanya, ha?” ungot nito.

“Kilala ka na niya; alam niyang magkaibigan tayo.”

“Ay! Ayoko ng ganoon. Hindi pa rin magkakilala ang tawag d’on. Wala pa rin akong dahilan para batiin siya’t ngitian sa tuwing magkakasalubong kami. Ang gusto ko’y personal mo kaming ipakilala sa isa’t isa.”

Wala na siyang nagawa kundi ang tumango sa kaibigan.

Dumaan ang katahimikan.

Mayamaya ay kinalabit siya ni Charie. “Tricia?”

“Ano?” Bigla siyang kinabahan.

“Ilakad mo naman ako kay Patrick, o?”

Sabi ko na nga ba, eh. Heto na naman po kami, himutok niya sa isip. Pero paano ’yan? Crush ko din si Patrick.

“Ano? Hindi ka na sumagot,” untag nito.

“Ha? Ah, eh....”

“Please?”

“H-hayaan mo, kapag nagkaroon ako ng pagkakataon,” nag-aalangan niyang sabi.

Ang balak ni Tricia ay tapatin kaagad si Patrick ngunit hindi siya makasilip ng magandang pagkakataon nang dumalaw ito sa kanila.

May dala itong isang basket ng rosas at malaking kahon ng imported chocolates. Kung babanggit ang binata ng tungkol sa pag-ibig, ang balak niya ay biguin na ito. Ang kaso ay hindi ito ganoon kagarapal. Panay lamang ang kuwento nito. Ni hindi ito bumanggit ng tungkol sa pakay kahit na sa card na kalakip ng bulaklak na bigay nito ay lantaran nang nakasulat ang salitang ‘I love you.’ Lalo lamang nadagdagan ang paghanga niya rito dahil isa itong gentleman.

Minsan, kinulit siya nitong ihahatid sa kanila. Hindi naman siya makatanggi at dahil kasama niya si Charie, noon na niya napagkilala ang dalawa.

Ang kaso, panay pa rin ang reklamo ng kaibigan sa kanya dahil ni hindi raw ito pinapansin ni Patrick maging kapag nagkakasalubong ang mga ito. Sinabi na lang niyang ginagawa niya ang lahat ng paraan upang ilakad ito sa binata.

Hanggang sa isang Sabado ng gabi....

Kasalukuyang kumakain ng pizza sina Tricia at Patrick habang nanonood ng VHS tape nang may kumatok.

Nataranta ang dalaga nang buksan ang pinto at makita ang nakangiting si Charie.

Kaagad na napawi ang ngiti nito at napalitan iyon ng panlalaki ng mga mata nang makita kung sino ang kanyang bisita. “Diyata’t...” di-makapaniwalang simula nito.

“Charie, let me explain!” maagap niyang sabi.

Hindi siya pinansin nito. “No!” sigaw nito at mabilis nang tumakbo paalis.

Para siyang hinang-hina nang isarang muli ang pinto.

Takang-taka naman si Patrick. “Ano’ng nangyari d’on?”

Iiling-iling siya habang umuupo sa sofa.

Nag-aalala ang binata sa kanya. “Are you okay? Here,” pag-offer nito ng *Coke* sa kanya. “Inumin mo ’to.”

Nang makainom ay bahagyang napayapa ang

kanyang dibdib.

“Okay ka na?”

Tumango siya.

“Ano’ng nangyari’t biglang umalis si Charie?”

Sa pagkakabanggit nito sa kaibigan ay kaagad siyang nakabuo ng isang desisyon. “P-Patrick, there’s something I have to tell you.”

“What is it?”

Huminga siya nang malalim bago nagpatuloy. “H-hindi kita maaaring mahalin, Patrick.”

Kaagad na kumunot ang noo nito sa narinig. “Bakit biglang-bigla naman yata?”

“Matagal kong pinag-isipan ’to. Ang totoo’y hirap na hirap akong magdesisyon. Pero nang makita kong magalit si Charie kanina, na-realize kong hindi talaga tayo puwede sa isa’t isa.”

“At ano naman ang kaugnayan ni Charie sa atin?”

Tumitig siya sa mga mata nito. “Gusto ka ni Charie, Patrick,” pagtatapat niya. “At matagal na niyang hinihiling sa akin na gawan ko ng paraan para mapalapit ka sa kanya.”

“So, all this time pala’y pinag-iisipan mo kung paano irereto si Charie sa akin?” galit nitong tanong. “Akala ko pa nama’y may pagtingin ka na rin sa akin kahit papa’no. Niloloko mo lang pala ako!”

Nasaktan siya sa sinabi nito. “Kahit minsa’y hindi kita niloko, Patrick. Minahal din kita.”

“Kung mahal mo ako’y walang sinuman ang makahahadlang sa atin. Kahit pa ang pinakamatalik mong kaibigan.”

“You don’t understand. Charie’s my friend! Hindi ko maaatim na lumigaya sa piling mo gayong alam kong magdurusa siya.”

“Napakasuwerte naman niya sa pagkakaroon ng kaibigang katulad mo,” sarkastiko nitong sabi. “Sana lang ay deserving siya sa pagmamahal mo.”

“Maganda si Charie. Hindi mo rin naman siya ikahihiya kung sakaling maging nobya mo siya.”

Lalong tumalim ang tingin nito sa kanya. “You’re crazy, Patricia! You’re crazy!”

Pagkasabi niyon ay mabilis na itong tumayo at saka umalis. Ni hindi na nito nakuhang magpaalam sa kanyang mga magulang.

Napahagulhol na lamang siya nang maiwang

Tanging Ikaw Lamang - Melissa Santos

mag-isa. Hindi niya alam kung tama ang kanyang ginawa. Ang tanging nasisiguro niya ay hindi niya magagawang saktan ang kaibigan.

2

Nang sumunod na mga araw ay iniiwasan na ni Patrick si Tricia. Hindi nito kinakausap o tinitingnan man lang ang dalaga. Ang masakit, pati si Charie ay galit din sa kanya. Hindi na siya nito sinasabayan sa pag-uwi.

Mabilis na lumipas ang isang buwan nang hindi sila nagpapansinan ni Patrick at hindi siya kinakausap ng kaibigan. Nakakasanayan na niya ang pag-iisa nang isang umaga ng Linggo ay magulat siya nang mapagbuksan ng pinto si Charie.

“Good morning! Nakakaistorbo ba ako?” naka-ngiting bati nito.

Kahit na nagulat ay nakuha pa rin niyang ngumiti. “H-hindi. Halika, tuloy ka.”

“Dinalhan kita ng carrot cake. Di ba, favorite mo ’yan?”

“Oo. T-thank you, ha?”

“Wala ’yan. Ako nga ang dapat na mag-thank you sa ’yo.”

Nagtaka siya. “Para saan?”

“Sa ginawa mo para mapalapit ako kay Patrick. Nasa bahay siya kagabi, nanliligaw,” balita nito.

“Ha?” Iyon lang ang nasabi niya.

Hindi niya inasahan ang pagtusok ng tila matalim na kutsilyo sa bahagi ng kanyang dibdib.

Matagal nang wala si Charie pero hindi pa rin matapus-tapos ang pagdadalamhati ni Tricia. Nang ipagparaya niya si Jay noon sa kaibigan, nang nasa high school pa sila, kaunting sakit lang ang naramdaman niya dahil hindi naman nito niligawan si Charie.

Iba pala kapag talagang napunta sa iba ang gusto mo, naisip niya. Mangani-nganing puntahan niya si Patrick at bawiin sa kaibigan. Pero batid niyang hindi niya iyon magagawa.

Pagdating ng Lunes ay napatunayan ni Tricia na totoo ang sinabi ng kaibigan. Sweet na sweet sina Patrick at Charie sa isa’t isa.

Nagilalas naman ang mga kaopisina nila sa nasaksihan. Lahat sila ay hindi makapaniwala sa nakikita. Ang alam nila ay kay Tricia nanliligaw ang

binata.

Pagdating ng oras ng tanghalian, ang akala niya ay sasabay na sa kanya si Charie dahil hindi na ito galit sa kanya. Nauna na siya sa canteen at hinintay ang pagdating nito. Ngunit nang dumating ang babae ay kasama nito si Patrick. Nakaabrisiyete pa ito sa nobyo.

Gusto niyang magsisi kung bakit hinintay pa niya si Charie. Patay-malisya siyang lumapit sa counter para kumuha ng pagkain.

“Hi!” bati ng isang tinig sa kanya.

Lumignon siya sa pinagmulan ng boses at nakita si Mildred, ang kanyang sekretarya.

Ngumiti lang siya rito; hindi niya magawang magsalita. Wala siyang kamalay-malay na nakasunod na sa kanya sina Charie at Patrick.

“Tricia, sama ka na sa amin ni Patrick sa table,” nakangiting anyaya ni Charie sa kanya.

Bigla siyang nalito. Hindi niya alam kung ano ang isasagot dito. “Ha? Ah, eh....”

Maagap naman si Mildred. “Nauna na akong magyaya kay Ma’am Tricia, Charie. Pinag-uusapan kasi namin ’yung ipinagagawa niyang trabaho sa

akin.”

“Gan’on ba?”

“Oo, eh.”

“Sige,” kibit-balikat nito.

Bago umalis ng counter ay sinulyapan niya ang magkatipan at kitang-kita niya ang matalim na titig sa kanya ni Patrick. Parang biglang nangalog ang kanyang tuhod.

Sa pinakamalayong mesa siya niyaya ni Mildred para hindi na makasunod sa kanila ang magnobyong. Para siyang robot na sunod-sunuran lang sa babae.

Nang makaupo sila ay saka lang niya natagpuan ang tinig. “Thank you, Mildred, ha?”

“Wala ’yon. Kumain ka na. Namumutla ka na.”

“Hindi naman gutom ang dahilan ng pamumutla ko.”

“Alam ko pero ngayon mo, higit kailanman, kailangan ng lakas.”

Para siyang maiiyak sa sinabi nito. “Mabuti ka pa, naaalala mo ang damdamin ko. Samantalang si Charie’y...” Hindi na niya itinuloy ang sinasabi.

“Samantalang si Charie na kaibigan mo pang matalik ang siyang nananakit sa iyo?” pagtatapos nito.

“Nauunawaan ko naman siya, eh. Mas higit niyang kailangan si Patrick kesa sa akin. Masyado lang siguro akong nabigla sa pangyayari.”

“Nabigla ka nang patulan din siya ni Patrick, ano?”

“At least ngayon, alam ko na kung gaano kababaw ang pagtingin ni Patrick sa akin.”

“Mabuti naman at nakikita mo ang brighter side ng pangyayari.”

Inabot niya ang kamay ng babae at pinisil iyon. “Salamat, Mildred.” Gumaan na nang kaunti ang kanyang pakiramdam. Sa tingin niya ay nakatagpo siya ng isang mabuting kaibigan sa katauhan ng sekretarya.

Magmula nga noon ay palagi na silang magkasabay ni Mildred sa pagkain, pag-uwi at paminsan-minsan, sa panonood ng sine o di kaya ay pagsa-shopping.

Sa kalaunan din ay nalimutan din niya ang hinanakit kina Charie at Patrick. Hanggang sa nakayanan na niyang makasama ang magnobyong nang

walang nadarama kahit kaunting hinanakit sa mga ito.

Minsan, nagre-revise ng ilang mga papeles si Tricia sa kanilang veranda nang lapitan siya ng kanyang mama.

“Tricia, Hija, magmerienda ka muna,” alok ni Mrs. Amador na may dalang juice at cake.

“Thanks, Ma.”

“Bakit ba pati Linggo’y nagtatrabaho ka?” puna nito. “Ni wala kang social life. Dapat sana’y lumalabas ka kapag weekends.”

“Ito na nga lang ang pahinga ko, Ma, maglalakwatsa pa ’ko? At saka, lumalabas naman kami nina Mildred at Charie, ah?”

Napasimangot ang ina niya. “Hmp! Kung ako lang ang masusunod, ayoko na sanang nagsasasama ka pa diyan kay Charie.”

“Ma naman! Ano ba ’yang sinasabi n’yo?”

“Ilang beses ka na niyang sinaktan, Anak, at natitiyak kong uulit-ulitin pa niya ’yon.”

“Nagiging paranoid ka na, Ma. Hindi na

mangyayari ang sinasabi n'yo dahil maligaya na siya sa piling ni Patrick. Balita ko nga'y pinag-iisipan na nilang magpakasal."

"Ewan ko," nagdududang sabi nito.

"Ang mabuti pa'y kumain na tayo," biglang yaya niya para maiba ang paksa ng usapan.

"Tapos na ako, Hija. Sinabayan ko ang papa mo."

Sinisimulan na niyang kainin ang cake nang may tumigil na malaking truck sa tapat nila. "Mukhang may bago tayong kapitbahay."

"Oo, Hija," sabi nito. "Kumakalawa pa natapos ang pagre-renovate d'yan sa dating bahay nina Mrs. Chan."

"Oo nga, ano? Ngayon ko lang napansin na bagong pinta 'yan. Pero hindi ba't kailan lang ipinatayo 'yang bahay na 'yan, Ma?" usisa niya.

"Oo naman. Kung di nga lang naaprubahan 'yung petisyon sa kanilang mag-iina n'ung mister ni Mrs. Chan ay hindi naman ipagbibili 'yan."

"Bakit pinapinta pa?"

"Engineer daw ang nakabili niyan, Anak."

"Talaga?" pagtango niya. "Kontratista pa siguro."

Mayamaya ay may nakita siyang isang lalaking nagmamando sa mga kargador sa pagbubuhay ng mga kasangkapan. May karga itong batang babae na sa tingin niya ay may apat o limang taong gulang.

May lumapit na matandang babae sa dalawa at kinuha ang batang karga ng lalaki kaya nagkaroon siya ng pagkakataong mabistahan ito nang husto.

Matangkad ang lalaki. Sa tantiya niya ay six-footer ito; clean cut ang buhok nito. *Humarap ka naman, o!*

Para naman siyang narinig dahil humarap nga ito at tumingin pa sa sa bahay nila.

Halos matulala si Tricia sa nakita. Napakaguwapo nito! *Siya na ang man of my dreams!* buntunghininga niya. Bigla niyang naalala ang batang karga nito. *Kaya lang, may asawa na siya. Sayang!*

Isang umaga, habang naghihintay ng tricycle si Tricia sa labas ng gate nila ay nagkataong papalabas ng gate ang kotse ng bago nilang neighbor. Nanghihinayang siyang tinted ang salamin ng sasakyan pero sigurado siyang ang guwapong lalaki ang sakay niyon.

Sayang! Hindi ko siya makikita.

Para namang pinagbigyan siya ng mga anghel sa langit. Biglang tumigil ang kotse sa tabi at bumukas ang pinto sa driver's side.

Preskung-presko ang anyo ng lalaking bumaba. Makisig ito sa suot na beige na slacks at puting polo.

Hay! Ang guwapo niya talaga, kinikilig niyang sabi sa isip. Mayamaya ay biglang nangalog ang tuhod niya nang mapatingin sa kanya ang lalaki at tipid itong ngumiti, bago humahangos na bumalik sa loob ng bahay.

Halos himatayin siya sa tuwa. Gusto sana niyang hintayin ang muling paglabas ng lalaki at tuloy ay makaganti siya ng ngiti rito kaya lang ay baka ma-late na siya sa trabaho. Nanghihinayang siyang sumakay ng tricycle na huminto sa kanyang tapat.

Nagkasabay sina Tricia at Mildred sa pagpasok sa building ng opisina ng pinagtatrabahuhan.

“Akala ko, male-late na ’ko. Mabuti na lang at mabilis-bilis ’yung taxi na nasakyan ko,” bungad na sabi ng sekretarya niya.

“Ikaw lang ba? Ako nga rin, eh,” sabi niya. “Alam

mo, Mildred,” pagkuwa’y kuwento niya, “may bago kaming kapitbahay at super guwapo.”

“Talaga?”

“Oo. At engineer pa.”

“Binata ba naman?”

“Yun nga lang ang problema, may asawa na.”

“Patay kang bata ka!”

Nagkatawanan sila.

Mayamaya ay sumeryoso siya. “Pero ang lakas talaga ng dating niya sa akin. Para akong nama-magnet sa personality niya.”

“At balak mo pa yatang maging kabit?”

“Sira!”

“Eh, ano naman ang hitsura n’ung asawa? Maganda ba?” usisa nito.

“Hindi ko pa nakikita, eh.”

“Paano mo naman nalamang married na siya?”

“Paano n’ung maglipat sila’y may kalung-kalong siyang bata. Mukhang anak niya ’yon.”

“Sila lang?”

“May kasama silang matandang babae.”

“Baka naman ’yun ’yung asawa?”

Nanlaki ang mga mata niya. “Grabe ka! Parang nanay na niya ’yon.”

Natawa si Mildred. “Ikaw naman, niloloko ka lang, eh. So, paano ’yan? Bulilyaso na kaagad?”

“Ano pa’ng magagawa ko kundi ang mahalín siya sa panaginip ko,” maarte niyang sagot.

“Ang cheap mo, ha!”

“Ano nga’ng magagawa ko? Tinamaan ako, eh?”

“Ang mabuti mong gawin, alisin mo kaagad sa isip mo ang tungkol diyan at nang hindi ka masaktan.”

Nagkibit-balikat siya. Nang may bigla na lang kumalabit sa likuran nila.

“Ano ba’ng pinag-uusapan ninyong dalawa’t kanina pa ko tawag nang tawag sa inyo’y hindi n’yo ko marinig, ha?” tanong ni Charie na bahagya pang humihingal.

“May bago kasing crush si Tricia,” sagot ni Mildred.

“Sino?” walang kangiti-ngiti nitong tanong.

Bagaman nagulat sa reaksiyon ni Charie ay sumagot na rin ang babae. “Yung bago nilang kapitbahay.”

Si Tricia man ay nagtaka sa ekspresyon ng mukha ni Charie.

“Guwapo ba naman?” tanong nito.

“O-oo,” sagot niya. “Kaya lang, may asawa na.”

Biglang-biglang nagliwanag ang mukha ni Charie. “Kawawa ka naman pala,” sabi nito.

Nagkatinginan sina Tricia at Mildred.

“Mauna na ko sa inyo,” pagkuwa’y paalam nito. “Ibibigay ko pa kay Patrick ’tong ginawa kong sandwich para sa kanya.”

Tumango lang siya.

“Sige,” malamig na tugon ni Mildred.

Nagmamadali na itong lumayo papunta sa departamento ng nobyo.

“Bakit gan’on ’yon?” inis na puna ng babae. “Ang sama talaga ng ugali! Sinabi ko lang na may bago kang crush ay biglang sumama ang hitsura. ’Tapos n’ung sabihin mong may asawa na’y umaliwalas ang mukha. Ano ba naman ang maitatawag mo d’on?”

“Hayaan mo na lang siya, Mildred.”

“Ikaw naman kasi. Kung ako lang, ni hindi ako lalapit sa antipatikang ’yon.”

Hindi na lang siya umimik.

Hindi nasunod ni Tricia ang bilin sa kanya ni Mildred na alisin na sa isip niya ang guwapo nilang neighbor. Tuwing umaga ay sinasadya niyang patagalin ang paghihintay ng tricycle para lang mahintay ang paglabas ng kotse ng lalaki kaya kung minsan ay nale-late siya.

“Natagalan ka ba sa pag-aabang ng tricycle?” biro sa kanya ni Mildred nang minsang ma-late siya. “O baka naman matagal lumabas ’yung kapitbahay n’yo?”

“Sobra ka!” nangingiti niyang sabi.

“Bakit kasi hindi mo pa tigilan ’yon? May asawa naman pala siya,” sarkastikong sabat ni Charie.

Gustong magpanting ng tainga pero napigilan niya ang sarili. “Wala naman akong ginagawa sa kanya, Charie. Tahimik ko lang siyang pinagmamasdan.”

“Gan’on na rin ’yon! Biruin mong naaapektuhan

ang trabaho mo. Gawain ba naman 'yan ng matinong babae?"

Tuluyan na siyang nagalit. "Gawain ng matinong babae ang alin?" Gusto na niyang ipamukha rito na hindi gawain ng matinong babae ang mang-agaw ng manliligaw ng iba; na hindi gawain ng matinong babae ang ipagduldulan ang sarili sa lalaki, ligawan lang siya nito.

Maagap naman si Mildred. "O, baka naman mag-away pa kayo?"

Namayani pa rin ang huwisyo niya. Tumahimik na lang siya. Si Charie man ay hindi na rin umimik pero nanunulis ang nguso nito.

3

Sabado ng umaga. Nagdidilig ng halamanan sa kanilang garden si Tricia habang inaabangan ang paglabas ng kotse ng bagong neighbor nila. Alam niyang hanggang Sabado ang pasok ng lalaki kaya kapag araw na iyon ay nasa kanya ang lahat ng panahon para abangan ito.

Mayamaya nga ay lumabas na ang kotseng hinihintay niya. Inihatid pa niya ng tingin ang palayong sasakyan hanggang sa tuluyan na itong mawala sa kanyang paningin. Natinag lamang siya nang marinig ang biglaang pagpreno ng isang bisikleta.

Nang tiningnan niya ang pinagmulan ng ingay ay nakita niya ang isang bata na namumutla at nagsisimula nang umiyak dahil muntik na itong masagasaan ng bike ng isang batang lalaki na kapitbahay rin nila.

Hindi na siya nagdalawang-isip. Dali-dali niyang binitawan ang hawak na hose at tumakbo palapit sa kinaroroonan ng mga bata. Namukhaan niya ang batang babae. Ito ang anak ng guwapo nilang kapitbahay.

“Ano’ng nangyari?” tanong niya sa nakabisikleta habang kinakalong ang umiiyak na bata.

“Bigla po kasi siyang lumabas ng gate na tumatakbo kaya muntik ko na siyang mabundol. Mabuti na lang at nakapagpreno ako.”

Binalingan niya ang batang huminto na sa pag-iyak. “Hello! What’s your name?” tanong niya habang pinapahid ang luha sa pisngi nito.

“Bambi,” kiming sagot nito.

“Are you all right?”

Tumango ito.

Binalingan niya ang batang sakay ng bisikleta. “Sige na. Wala namang nangyari sa kanya, eh.”

Mabilis na itong umalis.

“Where’s your mommy?” muling baling niya sa batang kalong.

“She’s in New York. She works there.”

Kaya naman pala hindi ko nakikita. “Sino’ng kasama mo diyan sa bahay n’yo?”

“My Lola Belen.”

“Come, I’ll take you to your Lola.”

“Okay. But don’t put me down, ha?”

Natawa siya. “Okay.”

Pumasok siya sa nakabukas na gate. Tamang-tama namang papalabas ng pinto ang lola ng bata na noon ay tila naghahanap na sa apo.

“Bambi! What happened?” Bakas na bakas ang pag-aalala sa mukha ng matanda.

Tumingin ang bata sa kanya, parang humihingi ng tulong para magpaliwanag sa lola nito.

“Bigla ho kasi siyang lumabas ng gate kanina’t muntik nang mabundol ng batang nagba-bike,” kuwento niya.

“Di ba, I told you to stay in the house?” baling nito sa apo.

“Eh, kasi....” Hindi maituloy ng bata ang gustong sabihin.

“Humabol ka na naman sa Tito Joshua mo, ’no?” nakangiting tanong ng matanda.

Tito Joshua? tanong naman ng isip ni Tricia.

“Kasi, I forgot to tell him to bring me my hamburger and spaghetti from *Jollibee*, eh.”

“Next time, huwag kang basta tatakbo sa labas, ha?”

“Yes, Lola.”

“O, baba ka na d’yan at baka nangangawit na si Miss.”

Ngumiti siya sa matanda. “Hindi naman ho. Okay lang.”

“D’yan ka sa tapat nakatira, di ba?”

“Oho. Ako nga ho pala si Tricia. Tricia Amador,” pagpapakilala niya sa sarili.

“I’m Belen del Rosario. Apo ko si Bambi.”

“I’m glad to meet you, Ma’am.”

“Just call me ‘Tita Belen.’ And thank you sa pagdalo mo dito sa apo ko.”

“Wala ho ’yon.”

Ngumiti ito at binalingan ang apo. “Baba ka na, Bambi, at nang mapag-snacks natin ang Tita Tricia mo.”

Mabilis na kumalas sa kanya ang bata at kaagad siyang hinawakan sa kamay. “Come, Tita Tricia.”

Nag-alangan siya.

“Sige na, Hija, at nang makapagkuwentuhan pa tuloy tayo,” nakangiting pamimilit sa kanya ng matanda.

Mabilis na gumana ang isip niya. *’Sabagay, pabor sa akin ’to. Marami akong malalaman tungkol sa crush ko.* Ipinasya niyang paunlakan ang paanyaya ng maglola.

Naghanda ng clubhouse sandwich at mango juice ang matanda para sa kanila ni Bambi. “Saan ka nagtatrabaho, Hija?” pagkuwa’y tanong nito.

“Accountant po ako sa isang import-export firm sa Makati,” sagot niya. “Nasa New York ho pala ang mommy ni Bambi?”

“Oo. Isa siyang nurse doon. Kaya nga sabik na sabik ang batang ito sa atensyon ng isang ina.”

Bigla siyang nakaramdam ng awa sa paslit. “Kung gusto mo’y palagi kitang ipapasyal,” offer niya rito.

Namilog ang mga mata ni Bambi. “Totoo?”

Tumango siya. “Pero magpaalam ka muna sa daddy mo, okay?”

Sukat sa sinabi niya ay nalungkot ang bata.

“Bakit?” takang tanong niya.

Ang lola nito ang nagpaliwanag. “Patay na ang daddy ni Bambi. Last year lang.”

“Pero ang akala ko’y anak siya ni—”

“Ni Joshua? Hindi. Bunsong anak ko si Joshua. Kapatid niya ang mommy ni Bambi.”

Para siyang nakarinig ng awit ng mga anghel sa natuklasan. Binata pa pala ang lalaking lihim niyang itinatangi. Nakasilip siya ng pag-asa. “Kung gusto mo’y punta tayo sa *Jollibee* mamayang hapon,” yaya niya sa bata.

“Totoo?”

“Oo, kung papayagan ka ng lola mo.”

Kaagad nitong binalingan ang matanda. Naka-ngiting tumango ito.

Bandang hapon nga ay dinaanan ni Tricia si Bambi at dinala sa pinakamalapit na *Jollibee*. Tuwang-tuwa ang bata; naglaro pa ito sa playpen ng fastfood.

Pagkakain nila ay dinala niya ito sa isang toy shop.

“Talaga, Tita Tricia, puwede akong pumili ng gusto ko?” pagkumpirma nito sa sinabi niya.

“Oo. Gift sa iyo ng Tita Tricia.”

Kaagad namang umikot ang bata para maghanap ng ipabibili sa kanya. Isang malaking rug doll ang napili nito.

Alas cinco na nang makauwi sila.

“Lola, look! Tita Tricia bought me this big doll.” Ipinagmalaki ni Bambi sa lola nito ang magandang manyikang malaki pa rito.

“It’s very pretty,” sabi ng matanda. “Nagastusan ka pa tuloy, Hija,” baling nito sa kanya.

“Wala ho ’yon. Sabik ho kasi ako sa bata, eh.”

“Bakit? Bunso ka ba?”

“Only child ho ako.”

“Malungkot nga kapag nag-iisa. Wala ka bang balak na mag-asawa pa?”

“Naku! Wala nga ho akong boyfriend.”

“Pareho pala kayo ni Joshua ko. Wala pa ring nobya ’yon.”

Lumundag sa tuwa ang puso niya sa narinig.

“Dito ka na mag-dinner, Hija, at nang makilala mo naman ang binata ko,” paanyaya ni Tita Belen.

“Thank you na lang ho pero naghihintay po sa akin sina Mama’t Papa.” Nilapitan niya ang bata. “O, kailangan nang umuwi ng Tita. Kiss na sa akin.”

Hinalikan siya ni Bambi nang matunog sa pisngi. “Come and play with me again, ha?”

“I will,” nakangiting sabi niya. “Aalis na ho ako, Tita Belen.” Hinalikan din niya sa pisngi ang matanda.

“Sige, Hija, pero promise next time ay magdinner ka dito, ha?”

“Sige ho.”

Nagpaalam na siya at tumawid ng kalsada patungo sa kanilang bahay.

Hustong kapapasok lamang ni Tricia sa bahay nila nang dumating ang kotse ni Joshua.

Tuwang-tuwang sinalubong ng maglola ang lalaki.

“Tito Joshua!” sigaw ng bata.

Kaagad na pinupog ni Joshua ng halik ang pamangkin nang makababa ito ng kotse. “How’s my little darling?”

“I’m fine. Where’s my pasalubong?”

Natawa ito. “Mukha ka talagang pasalubong.”

“Hay naku, Hijo, muntik pa ngang masagasaan ng bike ’yan dahil humabol sa ’yo kaninang umaga.”

Kumunot ang noo ng lalaki. “Is that true?” baling nito sa bata.

“I’m sorry, Tito Joshua. I promise not to do it again.”

Ginulo nito ang buhok ng pamangkin.

“So, where’s my pasalubong?” pangungulit nito.

Napakamot sa ulo ang lalaki. “I’m sorry but Tito Joshua forgot your pasalubong.”

Dali-daling nanulis ang nguso ng bata.

“Huwag ka nang magtampo. Promise, bukas lalabas tayong dalawa, okay?”

“Talaga?”

“Promise.” Itinaas pa mandin ng lalaki ang kanang kamay nito.

Mayamaya ay may naalala ang bata. “Come, I’ll show you something.” Kaagad nitong hinatak sa kamay ang tiyo papunta sa sala.

“What a lovely doll!” bati nito sa manyikang ipinagmamalaki ng bata.

“You like her?”

“Yes.”

“Her name is Trixie.”

Natawa ito. “That’s a cute name! But why Trixie?”

“I want to name her after Tita Tricia because my doll’s pretty like her.”

“Who’s Tita Tricia?” takang tanong nito.

“Our neighbor.”

Tumingin ang lalaki sa ina. Ikinuwento nito kung paano nila nakilala ang dalaga.

Muling binalingan ni Joshua ang bata. “Did you say thank you to your Tita Tricia?”

“Yes,” sagot nito. “Tito Joshua, let’s take Tita Tricia with us tomorrow.”

“Ha?” Hindi nito malaman ang isasagot.

“Please?” ungot ng bata.

“Itatanong natin sa kanya kung gusto niya.”

Kinabukasan nga ay gulat na gulat si Tricia nang mapagbuksan ng pinto ang magtiyo.

“Hello, Tita Tricia!” nakangiting bati ni Bambi.

“H-hi!”

“May sasabihin sa ’yo ang Tito Joshua ko.” Tiningala nito ang tiyo na noon naman ay halos natulala sa nakita.

Maging nang tingnan ni Tricia ang lalaki ay hindi man lang ito natinag sa pagkakatatig sa kanya. Titig na titig ito na parang nakakita ng isang diyosa.

Hiyang-hiya naman siya, hindi malaman kung ang sarili ang sisiihin sa pagkatulala nito. Pero disente naman ang suot niya—walking shorts at sleeveless blouse.

Mabining kalabit sa tagiliran ang pumukaw kay Joshua.

“Tito Joshua, what’s wrong?” takang tanong ni Bambi.

“Ha? Ah....” Hindi nito malaman kung ano ang sasabihin.

Minarapat ni Tricia na saluhin ang lalaki sa pagkalito nito. “Are you Joshua? Bambi’s uncle?”

“What? Ah, yes. I’m Joshua. Joshua del Rosario, Bambi’s uncle.”

Hindi niya napigilan ang sariling matawa sa katarantahan nito.

Nakitawa na rin ito sa kanya. Nagtataakang nagpalipat-lipat ng tingin ang bata sa kanila.

“Tito Joshua, what’s so funny?” usisa nito.

“Nagulat kasi ang Tito Joshua, ang ganda-ganda pala ng Tita Tricia mo.”

Sa kanya direktang nakatingin ang lalaki. Pakiramdam niya ay nagba-blush siya.

“I told you,” sabi ni Bambi.

“She’s very beautiful,” ulit nito na hindi iniaalis ang pagkakatatig sa kanya.

Hindi mapalagay si Tricia. Kumakabog ang dibdib niya at nangangalog ang kanyang tuhod. Hindi niya malaman kung makakapagsalita pa siya nang lumabas ang kanyang mama.

“Hija, may bisita ka pala,” bungad nito.

“Good morning po,” magalang na bati ni Joshua. “Ako po si Joshua at ito naman si Bambi. Kami po’yung mga bagong lipat sa tapat.”

“Ah, oo. Aba’y pumasok kayo, Hijo.”

Parang natauhan si Tricia. Niluwagan niya ang bukas ng pinto at pinaraan ang magtiyo. “Tuloy kayo.”

“Upo kayo,” yaya ni Mrs. Amador.

“Thank you po.”

“Sandali’t ikukuha ko kayo ng mamemerienda.”

“Huwag na po, Ma’am—”

“Call me ‘Tita Pilar,’ Hijo,” sabad ni Mrs. Amador.

“Tita Pilar,” ulit ng lalaki, “kaya po kami nandito’y para yayain si Tricia na lumabas.”

“Ha?” takang tanong niya.

“Ilalabas ko kasi si Bambi at gusto niyang kasama ka namin,” paliwanag nito.

“Come with us, Tita Tricia,” pilit ng bata.

“Sumama ka na sa kanila, Anak, para naman makapaglibang ka rin,” sabi ng ina niya.

Ano pa nga ba ang magagawa niya? At saka, talaga namang papayag siya. Natatawang pumanhik siya ng kanyang silid para magbihis.

Ano kaya’ng isusuot ko sa first date namin ni

Joshua? tanong niya sa isip. *First date, ha? Ilusyonada!* pagkuwa'y sita niya sa sarili.

Nagsimba muna sila bago nagtuloy sa mall. Nanood sila ng sine at kumain.

Pagkakain ay niyaya ni Joshua si Tricia sa ice skating rink. Tuwang-tuwa si Bambi habang akay-akay nila ito sa yelo. Mayamaya ay nagpakitang-gilas sa kanila si Joshua. Nagpaikut-ikot ito nang mabilis sa buong rink.

Tawa sila nang tawa ni Bambi habang pinapanood ito. Mayamaya ay mabilis itong lumalapit sa kanila na animo ay hindi ito makakatigil.

Napatili ang bata na akala ay sasalpok sa kanila ang tiyo. Kaagad naman siyang tumalikod para protektahan ito. Nagulat na lang siya nang maramdaman ang pagyakap sa kanya nang mahigpit ng lalaki habang tawa ito nang tawa.

Biglang nag-init ang katawan niya.

“Bagay ba kami ni Tita Tricia?” nakangiting tanong ni Joshua sa pamangkin.

Pumapalakpak si Bambi habang tumatango.

Lalo nitong hinigpitan ang pagyakap sa kanya habang tumatawa pa rin ito. Natawa na rin siya.

Ilang sandali pa at nagyaya namang mag-shopping si Bambi kaya dinala nila ito sa department store ng mall. Hindi siya mapalagay habang pumipili ang bata ng ipabibili nito sa tiyo dahil akbay-akbay siya ni Joshua. Hindi naman niya magawang alisin ang kamay nito sa kanyang balikat dahil ayaw niya iyong bigyan ng malisya.

Larawan sila ng isang masayang pamilya.

Gabi na nang makauwi sila. Tulog na tulog na si Bambi sa kanyang kandungan nang huminto ang kotse ni Joshua sa harapan ng bahay nila.

“Mabuti pa kaya’y ipasok mo na sa garahe n’yo ang kotse,” suhestyon niya.

“O sige. Ibababa ko muna si Bambi bago kita ihatid.”

Pagkalipas nga ng ilang sandali ay tumatawid na sila ng kalsada patungo sa kanilang gate. Hanggang makarating sila sa may pinto ng bahay ay wala silang kibuan. Parang nahihiya siyang hindi niya maintindihan.

“Paano? Tutuloy na ako.”

“S-sige,” sabi niya.

“Thanks, ha?”

“Ako nga ang dapat magsabi niyan.”

“No! Nagpapasalamat talaga ako dahil napasaya mo kami ni Bambi.”

“Nag-enjoy din naman ako.”

“So, puwede pala nating ulitin ’to?”

“Sure.”

“Good night, Tricia.”

“Good night.”

Hindi niya malaman kung paano siya nakatulog nang gabing iyon. Basta ang alam niya ay natagpuan na niya ang kaligayahang matagal nang hinahanap.